Pagbuo ng Adyenda sa Pangangalaga sa mga Nanganganib na Wika

Komisyon sa Wikang Filipino

PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA

Bakit kailangan ng *Adyendang* ito?

Tugon sa naganap na Pandaigdigang Kumperensiya sa Nanganganib na Wika

- Ginanap noong 10–12 Oktubre 2018
- Dinaluhan ng mga eksperto sa Linguistics, Language Documentation, at Language Revitalization mula sa iba’t ibang panig ng mundo
- Naglabas ng resolusyong nagtutulak sa pagbuo ng isang detalyadong plano sa pangangalaga ng mga katutubong wika

Tugon sa naganap na Pandaigdigang Kumperensiya sa Nanganganib na Wika

- Ilan sa mahahalagang puntong napag-usapan:
  - Epekto ng kaalaman sa katutubong wika at kultura sa medikal at pangkalahatang ginhawa ng indibidwal at komunidad; at
  - Halaga ng holistikong pagtingin sa pagtugon sa panganganib ng mga wika.

PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA

Tugon sa Pambansang Taon ng mga Katutubong Wika

2019 | INTERNATIONAL YEAR OF
Indigenous Languages

PAMBANSANG
KONGRESO SA
KATUTUBONG
WIKA

Ilang Paglilinaw

1. Katutubong Wika vs Nanganganib na Wika
   - magkaibang kategorya ang dalawa
   - sa Filipinas, karamihan ng nanganganib na wika ay ang wika ng mga Indigenous Cultural Communities

Ilang Paglilinaw

2. Bakit nanganganib ang isang wika?
   - hindi bunsod ng panloob na katangian (hal gramatika)
   - dulot ito ng panlabas na puwersa (hal. kawalan ng lupa, access sa serbisyong panlipunan)

Ano ang *Adyendang* ito?

- Nilalaman ng *adyendang* ito ang isang balangkas ng mga plano para sa pagpapasigla o pagpapanumbalik ng sigla ng mga nanganganib na wika

Ano ang *Adyendang* ito?

- Hindi lámang ito para sa mga ahensiyang kultural (KWF, NCCA, NCIP).
- May parte dito ang iba-ibang sektor ng pamahalaan, pati na rin ang kasangkot na komunidad.

Paano binuo ang *Adyendang* ito?

Púlong ng mga Duty-bearer

- Ginanap noong 21 Pebrero 2019
- Dinaluhan ng mga kinatawan mula sa iba-ibang ahensiya:

NATIONAL ECONOMIC AND DEVELOPMENT AUTHORITY · REPUBLIC OF THE PHILIPPINES

NATIONAL MUSEUM
PAMBANSANG MUSEO

NCCA

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

NATIONAL COMMISSION ON INDIGENOUS PEOPLES · 1997

NATIONAL ANTI-POVERTY COMMISSION · 1998 ·

COMMISSION ON HIGHER EDUCATION · 1994 · OFFICE OF THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO · 1991 ·

Púlong ng mga Duty-bearer

Lumutang sa mga usapan ang halaga ng sumusunod:

- Halaga ng ingklusibong pagpaplano at maayos na konsultasyon;
- Pagtugon sa pangkalahatang ginhawa ng komunidad.

Púlong ng mga Rights-holder

- Ginanap noong 7 Mayo 2019
- Dinaluhan ng mga kinatawan ng iba-ibang ICCs: Magbukun, Mag-antsi, Mag-indi, Subanën, Blaan, atbp.

Púlong ng mga Rights-holder

- Lumutang sa púlong na ito ang halaga ng:
  - Ancestral Domain
  - Cultural Sensitivity
  - Halaga ng Edukasyon
  - Pagsugpo sa diskriminasyon

Forum sa Pagbuo ng *Adyenda*

- Ginanap noong 23–24 Hunyo 2019
- Dinaluhan ng mga Duty-bearer at Rights-holder
- Dito binuo ang kasalukuyang borador ng *Adyenda*

Mga Gumagabay na Prinsipyo

1. **Karapatan—**likas na karapatan ng lahat ng tao na gamitin ang kaniyang sariling wika, at isabuhay ang kaniyang kultura (batay sa Universal Declaration of the Rights of Indigenous Peoples, at ng IPRA)
2. **Ingklusyon—**titiyaking may boses at nakokonsulta nang sapat ang mga komunidad sa lahat ng uri ng desisyong may kinalaman sa kanilang kapakanan

Mga Gumagabay na Prinsipyo

3. **Ratipikasyon—**pinahahalagahan din ang maayos na pagproseso sa lahat ng pagdedesisyon sa pamamagitan ng maayos na konsultasyon at pagsunod sa Free, Prior, and Informed Consent (FPIC)
4. **Pagtutulungan—**pagtutulungan ng lahat ng ahensiya ng gobyerno, ng mga kasangkot na komunidad, at ng iba pang kaugnay na institusyon (pribado, NGO, atbp); ito ay upang matugunan ang mga problemang kinakaharap ng komunidad, pati ang mga hindi direktang tungkol sa wika

Mga Gumagabay na Prinsipyo

5. **Empowerment—**pagpapalakas sa mga komunidad bílang bahagi ng holistikong pagpapaunlad sa kanilang sarili; tinatanaw dito ang angking kakayahan at kakanyahan ng mga katutubong komunidad sa pangangalaga ng kanilang sariling kultura

Adyenda sa Pangangalaga ng mga Nanganganib na Wika

Ang *adyendang* ito ay magtataguyod, magpapalakas, at magpapairal sa mga wikang katutubo, tungo sa maginhawang kapakanan ng lahat ng katutubong pamayanan sa Filipinas.

Adyenda sa Pangangalaga ng mga Nanganganib na Wika

Nahahati ito sa pitóng bahagi:

1. Komunidad
2. Pamamahala
3. Kabuhayan
4. Edukasyon
5. Promosyon
6. Kakayahan
7. Kalusugan*

Komunidad

Magtataguyod ng paggamit ng katutubong wika ang mga miyembro ng komunidad upang mapalakas ang sarili at kultural na pagkakakilanlan tungo sa kaunlarang pampamayanan.

Komunidad

1. Lilikha ang mga komunidad ng venue para sa patuloy na pagsasalin at paglilipat ng kanilang wika at kultura sa lahat ng miyembro ng kanilang komunidad, lalo na sa kabataan.

Komunidad

2. Mangunguna ang komunidad sa pagtiyak na naisasalin ang wika at katutubong kaalaman sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng pagpapahusay at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa komunikasyon gamit ang kanilang wika sa loob ng kanilang komunidad.

Pamamahala

Ingklusibong pagpaplano, pangangasiwa, at pagsasagawa ng mga polisiya at magtutuloy-tuloy na programang magpapalakas sa mga katutubong pamayanan tungo sa pagtataguyod sa kanilang kultura, wika, at kapakanan.

Pamamahala

1. Ilalahok at pakikinggan ang mga komunidad sa pagpaplano ng anumang bagay na makaaapekto sa kanilang pamumuhay upang matiyak na matutugunan ang aktuwal na mga pangangailangan ng komunidad.
2. Kikilalanin ang angking kakayahan at kaalaman ng komunidad hinggil na pamamahala ng kanilang sarili.

Kabuhayan

Magtaguyod ng mga programang pangkabuhayang community-based na susuporta sa pangangalaga sa kultura, wika, at pamana ng mga katutubong pamayanan.

Kabuhayan

1. Lilikha ng mga programang pangkabuhayang nakabase sa loob ng komunidad upang matugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, at magbibigay sa kanila ng maginhawang buhay.
2. Titiyaking ang mga programang pangkabuhayang ibinibigay sa komunidad ay nasa konteksto ng kanilang kultura at lupaing ninuno tungo sa pag-unlad nito ayon sa sariling konsepto ng pag-unlad ng komunidad.

Edukasyon

Itaguyod at paunlarin ang sistemang pang-edukasyong tunay na culturally-sensitive sa lahat ng antas.

Edukasyon

1. Ilalahok ang katutubong wika sa lahat ng antas ng edukasyon—pormal man at di-pormal; paiigtingin ang pagtatalaga ng mga gurong miyembro ng komunidad, pati na rin ang paglahok ng mga culture-bearer sa pagbuo ng kagamitan sa pagtuturo at kurikulum.
2. Magsusulong ng mga makabuluhang programa at saliksik upang mapagyaman at mapalalim ang pag-unawa sa katutubong wika tungo sa patuloy na pagpapaunlad ng sistema ng edukasyon, at pagpapaigiting ng MTB-MLE at ng IP Education.

Promosyon

Palakasin at pasiglahin ang wikang katutubo sa pamamagitan ng mga programa sa pagpapalaganap, pagpapabatid, at pagpapayaman nito.

Promosyon

1. Itataguyod ang paggamit ng katutubong wika sa iba-ibang aspekto o dominyo ng búhay gaya sa tahanan, loob ng komunidad, at mass media.
2. Paglilimbag ng mga aklat, diksiyonaryo, at iba pang publikasyong gumagamit ng katutubong wika.

Kakayahan

Itaguyod at paunlarin ang iba’t ibang likas na kakayahan ng mga katutubo sa paggawa gamit ang katutubong wika bílang midyum sa pagtuturo tungo sa sustainable na kabuhayan at ingklusibong kaunlaran.

Kakayahan

1. Pormal na kikilalanin ng gobyerno ang kakayahan at kasanayan ng mga katutubo (hal. paghahabi) sa pamamagitan ng pagbibigay ng sertipikasyon mula sa TESDA o ibang kaugnay na ahensiya.

Kakayahan

2. Pauunlarin ang kakayahan at paggawa gamit ang modernong teknolohiya at agham kasama ang katutubong kaalaman.

Ano ang mga susunod na hakbang?

Maraming salamat po!

PAMBANSANG
KONGRESO SA
KATUTUBONG
WIKA